7

# Learning Activity Sheet
# sa FILIPINO
# Kuwarter 3- Week 6- MELC 9

## PANANDANG ANAPORIK AT KATAPORIK



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 9

Pangalan ng Mag-aaral: ________________________Taon at Pangkat: __________
Petsa: ______________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET

**PANANDANG ANAPORIK AT KATAPORIK**

### I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Nagagamit ang wastong mga panandang anaporik at kataporik ng pangngalan. **F7WG-IIIh-i-16**

### II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

Sa pagpapahayag ay may dalawang paraang ginagamit upang mapag-ugnay ang pangungusap. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapatungkol o reperensiya.

**DALAWANG URI NG PAGPAPATUNGKOL**

**a. ANAPORIK** - pagtukoy sa isang salita o parirala na ginagamit sa hulihan ng pangungusap. Ang salita o pariralang pamalit ay maaaring ginagamit bilang panghalip o pangngalan.

Halimbawa:

Itinuro ng guro ang aralin niya sa mga estudyante.
Ang mga magulang ang ating ilaw at gabay at sila ang ating karamay sa tuwina.
" Ang payong ko ay pula. Ito ang lagi kong ginagamit araw-araw."

**b. KATAPORIK** - paggamit ng isang salita o parirala na kadalasan ang panghalip na binabanggit ay nasa unahan.

Halimbawa:

Ito ang aklat na gusto ko.
Sila ang ating karamay sa tuwina. Ang mga magulang ang ating ilaw at gabay.
Dito na kami lumaki at nagkamulat sa bayan ng San Agustin.

### III. SANGGUNIAN

https://brainly.ph/question/270975
https://www.slideshare.net/cuteepieme/panandang-kohesyong-gramatikal?next_slideshow=2
https://www.youtube.com/watch?v=aXEiOyi071I

## IV. MGA GAWAIN

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga gawain sa ibaba. Sagutin ito ng may pag – unawa sa paksang binasa.

### GAWAIN 1

Isulat sa patlang ang **PA** kung pagpapatungkol sa Anaporik ang panghalip na may salungguhit at **PK** kung pagpapatungkol sa Kataporik ang ginamit na panghalip na may salungguhit sa pahayag.

____ 1. Isa sa mga pangunahing pinagkikitaan ng buwis ng bansa ang turismo dahil ito ay nagbibigay ng napakalaking pera sa kaban ng bayan.
____ 2. Ang pagmamahal niya sa bayan ay di mapapasubalian. Ito ay taglay ni Andres Bonifacio hanggang kamatayan.
____ 3. Makulay ang kasaysayan ng Pilipinas. Tulad ng ibang kasaysayan ito ay tigib ng mga kwento ng pagpapakasakit at pakikibaka ng mga Pilipino.
____ 4. Ito ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng turismo sa bansa kaya ang Covid19 virus ay malapit nang masugpo sa pamamagitan ng pagtuklas ng tamang vaccine.
____ 5. Si Gil ang aking minamahal. Siya lamang ang aking mamahalin habambuhay.

### GAWAIN 2

Basahin ang liriko ng awiting ANAK na may kaugnayan sa pagmamahal ng magulang sa anak. Salungguhitan ang tamang panghalip na ginamit sa bawat saknong upang matukoy ang Anaporik at Kataporik na pagapatungkol na ginamit sa kanta.

**ANAK**
**( Freddie Aguilar)**

1. Nang isilang ka sa mundong ito, laking tuwa ng magulang mo at ang kamay nila ang iyong ilaw. At ang nanay at tatay mo'y di malaman ang gagawin minamasdan pati pagtulog mo. At sa gabi'y napupuyat ang iyong nanay sa pagtimpla ng gatas mo. At sa umaga nama'y kalong ka ng iyong amang tuwang-tuwa sa iyo.

2. Nagdaan pa ang mga araw at ang landas mo'y naligaw ikaw ay nalulong sa masamang bisyo. At ang una mong nilapitan ang iyong inang lumuluha at ang tanong, "anak, ba't ka nagkaganyan".

### GAWAIN 3

Gagawa ang mga mag-aaral ng sulat para sa kanilang mga magulang gamit ang mga panandang anaporik at kataporik. Salungguhitan ang ginamit na mga pananda sa sulat.

Mahal kong Inay at Itay,

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Nagmamahal,

____________________________

**REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na pag-aralan, matuto at gamitin ng wasto ang mga panandang Anaporik at Kataporik dahil:

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO:**

Gawain 1

1. PA 2. PK 3. PA 4. PK 5. PA

Gawain 2

1. Magulang 2. nila 3. mo'y 4. mong 5. anak

Gawain 3

Guro na ang magwawasto sa sagot ng mag-aaral